

Chapter One

Kapag ang tao minamalas, tatlo-tatlo kung dumating iyon. Laging naririnig iyon ni Charlotte sa nanay ng kaibigan niyang si Francine. Hindi niya alam kung dapat ba siyang maniwala roon, dahil sa kaso niya, hindi tatlong beses kung dumating ang malas; ang buong buhay niya ay tila isang minahan ng malas.

“Ano ka ba! Alam mo namang kamamatay lang ng nanay niya, hinahabol pa siya ngayon ng mga inutangan ni Aling Mercedes. Kailangan niya ng tulong ngayon!”

Kapag ganitong nasa-fighting mode ang kaibigan niyang si Francine, parang nakikita niya itong nasa isang welga, may freedom banner at may dala pang effigy na nagsasabing *‘Ipagtanggol si Charlotte Reyes!’* Kulang na lang ay mag-lobby ito sa kongreso para magpasa ng batas na magpoprotekta sa kanya.

“Yon na nga ‘yon, eh!” singhal ng lalaking tinig. Matigas iyon at mabigat, at parang nakikita niya sa isipan na isa iyong makapal na pamalo na humahampas sa imaginary freedom banner at effigy ng kanyang kaibigan. “Hinahabol siya ng mga inutangan ng nanay niya. Alam mo ba kung ano ‘yong mga ‘yon? Mga drug lord ‘yon! Mga mamatay tao. Gusto mo bang madamay sa gulong ‘yan? T*ng-ina, Francine, isipin mo rin ‘yong mga anak natin.”



Tumitig si Charlotte sa likod ng nakaawang na pinto. Dapat na siyang umalis sa kinatatayuan. Hindi magandang ugali ang makinig sa pinag-uusapan ng iba.

“Ngayon lang naman ‘to.” Napalitan ng pag-aalo ang inis sa boses ng kanyang kaibigan, isang taktikang ginagamit nito kapag hindi umuubra ang panindak na tono. “Bumabawi lang siya sa mga ginastos niya sa libing. At saka, nag-report na siya sa pulis. Kailangan niya tayo ngayon. Malaki-laki rin ang matitipid niya kung wala na siyang babayaranang bahay. Aalis din naman—”

“Basta hindi.” Pinal ang tono ni Robert. “Parang hindi mo kilala ang mga pulis. Kahit nga si Kapitan walang maitulong sa kanya. Malalaking tao ang ginago ng nanay niya. Mag-aaway talaga tayo kapag pinilit mo ‘yan.”

At parang isang haring sinasabing ‘tapos na ang usapang ito, narinig niya ang mabibigat na hakbang ng lalaki palapit sa pinto. Agad siyang nagtago sa isang kanto.

Bumukas ang pinto papunta sa lobby ng Barangay Hall at narinig din niya ang papalayong mga yabag ni Robert.

Sumandal si Charlotte sa dingding at tumitig sa kabilang pader. Inuuyam siya ng matingkad na pintura doon. Masigla ang dilaw na kulay kahit malamlam ang liwanag sa kanyang kinatatayuan. Isang ilaw lang mula sa pasilyo ang nakabukas, patay ang AC at nababalot ng katahimikan ang kahabaan ng pasilyo. Bagong patakaran iyon ng kanilang Barangay Captain para makatipid ng kuryente. Pero sa kabila ng malamlam na paligid at nakabibinging katahimikan, tila may sariling liwanag ang dilaw na dingding.

Glow in the dark, uyam niya sa sarili.

Bumukas ang pinto ng opisina ni Kapitan at lumabas



siya sa pagtatago.

“Charlie.” Pilit ang ngiti ni Francine.

Pinilit din niyang ngumiti sa kaibigang naging tatay, nanay, kuya at ate niya pagdating sa pagtatanggol sa kanya. “Uwi ka na?” Humakbang siya papunta sa pinto at nilagpasan ito. “Una na kayo ni Robert, tatapusin ko muna ‘yong pagpa-file. Pati ‘yong ibang files natin sa computer, aayusin ko na rin muna.”

Umiling si Francine at hinawi ang ilang hibla ng buhok nitong nakawala sa tali nito. “Hindi, sumabay ka na sa ‘min. Magsi-six thirty na, uwi na—”

“Hindi, okay lang talaga. Kailangan ko talagang mag-over time para makabawi sa gastos. Sige na, Francine.”

“Pero—”

Bumukas ulit ang pinto ng lobby at sabay silang napalingon ng kaibigan doon. Hindi na siya nagulat nang makitang nakatayo si Robert sa pintuan, nakakunot at tila nakakain ng sampung ampalaya.

“Francine, six thirty na, ‘lika na.”

Binalik ni Francine ang mga bilugang mata sa kanya. Para itong manika sa kulay rosas at bilugang mga pisngi nito. Sa suot nitong baby pink blouse at beige slacks, lalo itong nagmukhang mahinhin. Sino’ng mag-aakalang kaya nitong makipagsabunutan at makipagkalmutan? Expert ito doon dahil sa kanya. Lagi itong nakikipagsabunutan sa mga kaklase nila noong elementary kapag tinawag siyang anak ng pokpok ng mga ito.

“Sige na, Francine. Una na kayo.” Maliit na ngumiti si Charlotte sa kaibigan. “Dederecho na ‘ko mamaya sa bahay namin dahil ‘andoon na ‘yong kamag-anak ni Mama. Nag-text sila kanina, dumating na daw sila kaya may kasama na



‘ko sa bahay kaya okay na.”

“Pero—”

“Francine, halika na. May kasama na pala si Charlotte, wala nang problema.” Tila nauubusan na ng pasensya ang asawa ng kaibigan. “Tumawag si Jenny, nilalagnat daw si Justin.”

“Ano?” Bumalatay ang pag-aalala sa mukha ng babae.

Binaling niya ang titig sa pinto. Si Justin ang isang taong gulang anak ng mag-asawa. Hindi siya sigurado kung totoo ang sinabi ni Robert, pero wala na iyong kaso sa kanya. Bumaling ulit sa kanya ang bilugang mga mata ng kaibigan.

“Okay ka lang talaga sa inyo? May kasama ka na?”

Tumango siya, may maliit pa ring ngiti sa mga labi.

“Okay na. Sige na, uwi na kayo. Ingat ha.”

Kahit tila alangan pa rin, napilitan na itong sumunod.

Nang nasa pintuan na ito, muli itong lumingon at maliit na ngumiti.

Ngumiti rin si Charlotte. Maaaring malas siya sa mga magulang na nakuha niya, pero parang nananalo siya sa Lotto sa kaibigan niyang ito. Lagi at lagi siyang magpapasalamat dahil kay Francine.

Napatitig ulit siya sa dilaw na pader. Tila inuuyam pa rin siya nang nagliliwanag na kulay. Sana ay puwede rin siyang maging kagaya ng pintura sa dingding. Nagliliwanag kahit madilim.

Pumasok siya ng opisina at walang ligoy na sinimulan ang pag-aayos ng mga documents sa folders.



Hindi niya namalayang pasado alas nueve na ng gabi. Mabilis niyang inayos ang mga gamit at tinanggal sa saksak

ang computer at electric fan. Pinatay din niya ang ilaw at kinandado ang opisina.

Paglabas, sinalubong si Charlotte ng malamig na simoy ng hangin at ng tunog ng pagbuhos ng ulan. Nginitian niya ang mga tanod at Officer in Charge sa lobby.

“Uwi ka na?” tanong ni Kuya Vicente.

“Opo, sige po, una na po ako.”

“Sige, ingat ka d’yan, ha.”

Tumango ang mga ito at hindi na nagpakitang-tao na mag-alok na ihatid siya. Okay lang iyon sa kanya. Mababait ang mga kasamahan nila pero alam niyang kagaya ni Robert, natatakot din ang mga ito na madamay sa kanyang gulo. Naiintindihan niya iyon. Kahit siya, kung puwede lang, ayaw din niyang madamay sa gulo niya.

Sumulyap siya sa tabi ng Hall at nakitang bukas din ang ilaw sa loob ng police station. Kita niya roon ang ilang pulis sa loob.

Binaling niya ang titig sa labas. Parang nag-aaway ang mga anghel sa langit. Tila naglalabas ng galit ang mga ito at nagpapasabog ng mga bomba sa madidilim na ulap. Walang habas ang pagbagsak ng ulan at tila latay ang bawat pagputok ng kulog. Sigurado si Charlotte na hindi titila iyon kahit magpalipas pa siya ng ilang oras sa opisina.

Dapat ba siyang magpalipas ng gabi sa Hall?

Umiling siya sa sarili. Malapit ang bahay niya sa Baranggay Hall at bukas pa ang ilang mga establishment sa gilid ng kalsada. Hindi niya ikamamatay ang maulanan nang kaunti. Binuksan niya ang payong at sinuong ang ulan.

Nabasa siya agad. Kumapit ang nabasang tela ng kanyang asul na blusa sa mga braso at ang laylayan ng



kanyang slacks. Kumabog ang dibdib niya nang makita ang kaunting baha sa kalsada. Minsan nang lumubog sa baha ang malaking bahagi ng barangay nila noong tumama si *Ondoy*. Mabilis umaapaw ang Marikina River at noong nakaraan ay umabot din nang lagpas-tao ang tubig dahil kay *Habagat*. Hiling ni Charlotte ay hindi na maulit iyon. Para sa isang kagaya niya, hindi madali ang lumipat ng tirahan.

Niyakap ng dalaga ang isang braso sa katawan upang protektahan ang sarili sa ulan.

Narating niya ang tawiran papuntang parke at hinintay makadaan ang isang truck. Pero nang makadaan ang sasakyan, napansin niya ang isang itim na SUV na nakaparada sa tapat na kalsada.

Nanuot ang lamig sa kanyang mga ugat.

Tumingin siya sa paligid. Karaniwang may mga pedicab sa gilid ng parke pero ngayon ay wala ang mga ito. May police mobile din dati lagi roon pero ngayon ay wala rin sila. Dahil siguro sa ulan. Ilang metro lang ang layo ng parke sa ilog at isa iyon sa unang binabaha kapag ganitong may bagyo.

May gumalaw sa gilid ng kanyang mga mata at napalipad ang tingin ni Charlotte pabalik sa SUV. Nakabukas ang pinto sa backseat at lumabas ang isang lalaki. Mahirap ang hindi matakot. Mukha itong goons sa mga movies. Ito iyong sidekick ng mga drug lord sa mga pelikula, iyong dambuhalang nambubugbog sa mga gumagago sa boss nito.

Hindi na niya hinintay ang gagawin nito. Tumalikod siya at malalaking hakbang na tinungo ang Barangay Hall.

Sigurado siyang hindi magagalit ang mga kasamahan

niya kung sa Barangay Hall siya magpapalipas ng gabi. Ngayon lang naman. Katabi nila ang police station kaya sigurado siyang—

May humablot sa braso ni Charlotte at sumigaw siya. Hinampas niya ito ng payong pero agad nitong nasanggi iyon at itinapon. May tumakip na kamay sa kanyang bibig at pumulupot ang isang tila bakal na braso sa kanyang mga balikat.

“Wag ka nang pumiglas, masasaktan ka lang.”
Magaspang ang boses nito sa kanyang tainga.

Nagpipiglas siya, pero mas madali pa ang makipagsuntukan sa isang solidong pader. Ni hindi niya magawang kagatin ang kamay ng lalaki sa higpit ng pagkakatakip nito sa kanyang bibig. Walang hirap siya nitong kinaladkad sa kabila ng kanyang pagpiglas.

Nag-uunahang pumatak ang kanyang mga luha. Ganito ba matatapos ang lahat? Ni hindi siya makalaban. Ni hindi makasigaw, ni hindi makasampal. Napakadali siya nitong nakaladkad papunta sa SUV. Walang saksi, walang kahirap-hirap. Daig pa niya ang iniregalo rito na may nakataling laso.

May isa pang lalaking lumabas ng sasakyan at tumulong para hilahin si Charlotte. Lalo siyang nagpumiglas pero walang hirap siyang itinapon sa loob ng SUV. Tumama ang mukha niya sa upuan at saglit nandilim ang kanyang paningin. Umapuhap ang mga kamay niya ng mahahawakan pero may humila sa kanyang buhok at napasigaw siya sa sakit.

“S’an tinago ng nanay mo?”

“Hindi ko alam! Hindi ko alam!”

Sinampal siya at sumubsob ang kanyang mukha sa



sahig ng sasakyan. Umaandar ang SUV at pakiramdam niya ay may bato siyang nalulon.

Muli siyang hinila sa buhok ng lalaki. “P*ta ka! ‘Wag mo kaming gagaguhin! S’an tinago ng nanay mo?”

Pinilit niyang umiling. “Hindi ko alam! Hindi ko—”

Muli siya nitong sinampal.

“Oy, dahan-dahan lang, tsk. Ang ganda-ganda pa naman niyan, ang puti-puti, oh!” Hinila siya ng isa pang lalaki sa buhok at hinawakan sa leeg.

Umahon ang isang nakasusukang likido sa kanyang lalamunan nang dilaan nito ang pisngi ni Charlotte.

“Bitawan mo ‘ko! Bitawan mo ‘ko!” Buong lakas niyang hinila ang mga kamay at kinalmot ito.

Malakas itong tumawa at walang hirap na hinuli muli ang kanyang mga braso. Bumaon ang mga daliri ng lalaki sa kanyang panga. “Parang pusa, gusto ko ‘yan!”

Napuno ng malakas na tawanan ang loob ng sasakyan.

Humalo ang kanyang iyak sa tawa ng mga ito.

Ito na ang katapusan, alam niya iyon. Ito ang kinatatakutan nina Robert at ng mga kasamahan nila. Ito ang pinapanalangin niya tuwing gabi na sana ay hindi mangyari sa kanya. Hindi siya mananalo kahit anong piglas niya. Hindi ito ang tipo ng sitwasyon na matutulungan siya ni Francine at maipagtatanggol siya. Walang darating, walang makakatulong sa kanya. Kagaya nang walang dumating nang humahangos na sumugod si Aling Nelia sa Barangay Hall para sabihing tumalon sa tulay ang nanay niya.

Hinablot ng lalaki ang blusa ni Charlotte at pilit iyong pinunit. Muli niya itong nakalmot at nagawa pa niyang makasipa. Pero agad siyang sinuntok sa sikmura



at nakulong muli ang kanyang mga braso. Muling tumawa ang mga lalaki, umiiyak niyang pinilit manatiling gising, ang manatiling nagpupumiglas, pero tila sinisipsip palabas ang kanyang lakas.

Sumubsob siya sa likod ng front seat.

Malabong rumehistro sa kanya ang malakas na pagmumura ng kung sino. Naramdaman niyang kumalas ang kamay na nagkukulong sa kanyang mga braso.

May sumigaw at tila may kung anong sumabog.

Putok ba iyon ng baril? Hindi sigurado si Charlotte. Pinilit niyang itinaas ang tingin pero malabo ang lahat. Tila kulay dilaw ang paligid. Nasa Barangay Hall ba siya ulit at nakatitig sa kulay dilaw na dingding?

Nagpatuloy ang pagsigaw at kaguluhan sa paligid.

Baka panaginip lang ito, naisip niya. Isang bangungot. Baka nakatulog siya kanina sa opisina at ngayon ay nakatitig ulit sa dilaw na dingding. Nangyayari iyon noon. Kapag pumapasok ang dalaga nang hindi naggagabihan at nag-aalmusal ay tila nagdidilaw ang paningin niya. Lagi iyong nangyayari lalo na noong bata pa si Charlotte. Lagi siyang tinutukso noon ng mga kaklase niya.

Nagpatuloy ang mga sigawan at mga putok baril.

Anak ng pokpok! Anak ng pokpok! Pokpok ka rin paglaki mo! Tila naririnig niyang pinagtatawanan siya ng mga kaklase. *Pokpok! Pokpok!* Paulit-ulit ang mga ito.

Sumabog ang isang matingkad na liwanag at mabilis siyang napapikit. Napuno ng pagmumura ang kanyang paligid.

Ilan pang putok at nilamon ng katahimikan ang lahat.

Tumahimik pati ang mga kaklase niya sa kanyang isip.

Dumampi ang hangin at ulan sa kanyang katawan.



May nagbukas ba ng SUV?

Punyeta ka! Punyeta kayo ng tatay mo!

Mama niya ba iyon? Sinusundo na ba siya nito?

"F*ck, is she dead?"

Boses lalaki iyon, pero tila galing iyon sa isang malalim na hukay. O siya ba ang nasa hukay? Hindi siya sigurado.

"No. She's just knocked out."

"Tayo ba ang may gawa? F*ck—"

"Enough. Let's get her out of here."

May bumubuhay sa kanya. Tila bakal din ang mga bisig nito pero mainit ito, nakakapaso. Napakaingat ng paghawak nito sa kanya, tila natatakot na mabasag siya.

Pilit siyang nagmulat.

Matangos na ilong, tila inukit na mga pisngi, panga at mga labi. Madidilim na mga mata, at balat na tila kulay ng pinaghalong ginto at mainit na pulot.

Kahit ang patak ng ulan ay tila nahuhumaling dito.

Isang anghel? Totoo ba ang mga anghel? Sana. Sana. Pinilit niyang maging mabait noong nabubuhay siya. Sinubukan niya. Patatawarin siya ng Diyos, hindi ba?

"It's okay now. You're safe now. No one's gonna hurt you again." Napakalamyos ng boses nito, tila iyon mainit na tubig sa kanyang nagyeyelong katawan.

Umiiyak, pinili niyang pumikit at sumubsob sa napakainit nitong dibdib.





Chapter Two

.....

Drenched, bruised and bloodied, she was still far more beautiful than most women he had seen. Milky white skin, long, curly midnight black hair, red plump lips, she was *Snow White* in the flesh. Her bone structure was so delicate, so feminine and so aristocratic like those *hetaera* paintings the old man kept in his study. Women made for men's pleasure, iyon daw ang ibig sabihin ng *hetaera* sa Ancient Greece. Sa madaling salita, mga bayarang babae.

"Blasphemy!" Pumutok ang boses ng matanda sa kanyang isipan. "*Hetaera were not prostitutes! They were highly educated, sophisticated companions to powerful men in ancient Greece! There were instances that they were the most influential women in ancient Greece, too! Maaari silang dumalo sa mahahalagang pagpupulong kung saan nag-uusap ang pinakamatalinong mga tao sa Gresya. At pinapahalagahan ang mga opinyon nila. They were independent and they even paid taxes! Hindi sila mga bayarang babae. They were courtesans, highly skilled—*"

Blah blah blah.

Inuntog ni Gabriel ang likod ng ulo sa headrest ng upuan. The old man's voice popped up at the most annoying circumstances. Pero siguro ay dapat na siyang masanay doon. Kahit saan siya tumingin, once upon a



time ay ni-lecture-an siya ng matanda tungkol doon. Hindi na niya mabilang kung ilang beses na siyang sinermunan ng matanda tungkol sa ancient Greece, ancient Rome, Byzantine empire, Renaissance period, minsan ay nahahalian pa ng Paleozoic, Mesozoic at kung ano pang zoic era.

Napahugot siya ng hangin. Well, f*ck him. He actually remembered all that.

Umungol ang babaeng nakahilig sa kanyang balikat at muli siyang napatitig dito. Muli, hindi niya mapigilang mamangha. She really looked like one of those *hetaera* in the paintings. Not that he was saying she looked like a prostitute. No, hindi iyon. The classic lines of her face spoke of timeless beauty and quiet sophistication so rarely found these days.

Bahagya itong gumalaw palayo sa hawak niyang ice pack na nakadikit sa pisngi nito. Inangat ni Gabriel ang ice pack at nakitang humupa na ang pamamaga ng pisngi ng dalaga. Hinayaan niya ang sariling huminga nang maluwag.

Her wounds seemed superficial, but he couldn't be too sure. Mabuti nang ipa-check up ito sa ospital. Tahimik siyang nagpasalamat sa kanyang apelyido at sa shares sa isang malaking ospital para magamit sa pagkakataong iyon. He needed to keep this under wraps no matter what.

Kumalog ang sasakyan at bahagyang umalog din ang babae sa kanyang tabi. Umungol ito at matalim niyang tinapunan ng tingin ang nagmamaneho. "Careful," he hissed.

Sinulyapan siya ni Samuel sa rearview mirror at mapaubanhang ngumiti. "Sorry."

Magkasalubong pa rin ang mga kilay, ibinalik



ni Gabriel ang titig kay Charlotte. Nakakunot ito at nakaawang ang mapupulang mga labi. May kaunting dugo sa gilid ng mga labi nito at maingat siyang kumuha ng wet wipes sa case sa tabi niya para punasan iyon. His fingers lingered on her chin, tracing the curve of her delicate jaw. She had the softest skin, almost like a baby's.

Namana nito ang genes sa side ng tatay nito. Kahit sa hirap ng buhay na pinagdaanan nito, nanalo ang nature laban sa nurture. Duda siya kung nagpupunta ang babae sa spa, sa derma o kahit pa nga sa parlor. Yet her skin seemed perfect, her hair lustrous and thick. Para itong nanalo ng jackpot sa isang gene lottery. And there was her body...

Sandaling pumikit si Gabriel at tumiim-bagang sa tinatakbo ng isip. Goddamn him. Heto siya, katatapos lang mag-ambush ng isang lupon ng mga halang ang kaluluwa, may isang babaeng muntikan nang mahalay at ngayon ay natutulog sa tabi niya. She could be suffering from a severe concussion for all he knew, and she was likely traumatized for life, too, at ano ang iniisip niya?

"Men are gentlemen! Always remember that!" Muli niyang narinig ang boses ng matanda.

Yeah, yeah, angil niya sa sarili. Tell that to my XY chromosomes.

Nagpakawala siya ng hangin. He tried not to look, he tried not to notice it, but it's like trying to ignore *aurora borealis*.

She wasn't wearing anything revealing or flattering. Walang espesyal sa suot nitong gusot na asul na blusa at itim na slacks. Sigurado siyang plantsado iyon kanina at nagusot lang dahil sa pag-kidnap dito pero kahit na noong maayos pa iyon, sigurado si Gabriel na hindi pa rin ganoon



ka-impressive ang suot ng dalaga.

Yet even in her listless form, even in this harrowing situation, even while wrapped in his jacket, it was hard not to notice her soft, full curves. Especially when the said curves were pressed against him.

“Sigurado ka bang hindi tayo magdedemanda?”

Nagpasalamat siya sa distraction ni Samuel. Ibinaling niya ang titig sa nagmamanehong kaibigan.

“Hindi tayo pulis. We just need Charlotte safe.”

“Iyon nga ‘yon, sigurado ka bang hindi na nila guguluhin si Charlotte? Drug syndicate ‘yon, Gabriel.”

Tumiim-bagang siya at naramdaman niyang gumalaw nang kaunti ang dalaga. Doon niya napansing humigpit pala ang yakap niya sa balikat nito. Pinilit niyang luwagan iyon. “They have their money back. That’s that. Hindi nagsasayang ng oras at resources ang mga ganyang tao sa mga bagay na tapos na. Pero kung manggugulo pa rin sila, ibang usapan na ‘yon.”

Alam niyang hindi kumbinsido ang lalaki, pinatunayan nito iyon nang sumulyap ito sa rearview mirror na para bang naghihintay na umungos mula sa kung saan ang isang M16 at paulanan sila ng mga bala. Paranoid as he was, sumulyap din si Gabriel sa labas. Walang lupon ng sindikatong humahabol sa kanila. Sa halip, nasa likod nila ang isa pang SUV kung saan nakasakay ang kanilang mga kasamahan.’

“How about Charlotte?” narinig niyang tanong ulit ni Samuel. “Tingin mo hindi niya gusgustuhing magdemanda sa mga ‘yon? Tingin mo tatanggapin na lang niya na tapos na at kailangan na lang niyang kalimutan ang lahat? What happened back there, Gabriel, was something out of a



Napatiim-bagang siya at bahagyang humigpit ang yakap sa dalaga. Hindi nito kailangang idiin iyon. He knew that already. Ayaw niya rin sanang matapos na lang iyon sa ganoon. He was tempted to blast holes in those bastards' heads when he opened the backseat door of the SUV. Seryosong pinag-isipan niyang itapon ang tranquilizer guns at gamitan ng totoong bala ang mga hayop nang makita ang dalagang nakahandusay sa sahig na tila isang basahang manyika. Paanong nasisikmura ng iba na gumawa ng ganoong bagay?

Pero kung nagkataon, naging kagaya ka rin ng mga lalaking 'yon, bulong mula sa kung saan ng isang boses sa kanyang isipan.

Maingat na humugot ng hangin si Gabriel at pinakawalan iyon. Perfect. Aside from the old man's voice, he had an extra talking voice inside his head, too. Just wonderful. There had to be a mute button to shut those voices up.

“If she wants to press charges, we will help her. But right now, it's better if she could just move on with her life.”

Hindi na umimik si Samuel. Alam niyang hindi rin komportable roon ang lalaki, pero alam niyang alam din nito na may mga pagkakataon na ang umusad ang pinakamabuting gawin sa buhay. They'd all been there.

Nagpakawala ulit siya ng hangin at tumitig sa labas.

Naririnig na ni Gabriel ang talak ng matanda kapag nalaman nito ang mga sinasabi niya. The old man had always been a righteous nut job. Isang drug syndicate iyon at marami iyong buhay na sinisira. Nagiging makasarili



siya at walang pagpapahalaga sa iba sa gagawin niyang pagsasawalang-bahala sa sindikatong iyon. But it was no longer his problem. Hindi kasama sa listahan niya ng, 'What I Want To Be When I Grow Up' ang maging superhero. Sa kasalukuyan, hindi rin kasama sa job description ni Gabriel ang manghuli at magtuligsa ng mga sindikato. Problema na iyon ng mga pulis. He had more immediate problems to attend to. Namely, keeping this woman safe and bringing her to her father.

But the old man will probably cry bloody murder, too, when he finds out about this woman, Gabriel.

Sandali siyang pumikit at humugot muli ng hangin. Where was that f*cking mute button? He had to do something about that extra voice in his head. He didn't need another conscience, the old man's voice already stole that job.

Muling umungol ang babae sa kanyang tabi at bahagya siyang nanigas. Maingat niyang ibinalik ang titig sa dalaga.

The muted lights from outside the windows cast shadows across her face. She seemed paler in the dim lights, like a Grecian goddess carved from ivory.

"It's okay," he found himself murmuring against her hair. "You're safe. It's okay."

Maingat niyang hinigpitan ang yakap dito.





Chapter Three

She jolted awake. Walang sigaw, walang iyak, walang ungol; bigla lang siyang napamulat at napaupo sa kama.

“Don’t move too fast.” May humawak sa kanyang likod at napasigaw si Charlotte.

“Hindi ko alam! Hindi ko alam! ‘Wag mo ‘kong hawakan—”

“Calm down, wala na ang mga lalaking ‘yon.” Hinuli nito ang kanyang pupulsuhan at bahagya siyang inalog. “Calm down, it’s okay. No one’s gonna hurt you again.”

No one’s gonna hurt you again.

Mga matang kasing-dilim ng hatinggabi, matigas na hulma ng mukha na tila inukit mula sa bato, maitim na buhok, kilay at malalagong mga pilikmata—isang anghel? Pero nakatiim ang mga labi nito, magkasalubong ang mga kilay.

Isang galit na anghel?

“It’s okay now. Naalala mo ba ang mga nangyari?” Malamyos ang tinig nito at mababa—iyon ang tonong ginagamit kapag nakikipag-usap sa umiiyak na bata.

Nanginginig na nagbaba ng tingin si Charlotte sa kobre kama. Naaalala ba niya ang nangyari? Gusto niyang sabihin na hindi. Pero kasing-linaw iyon ng mga circular pattern



design sa kobre kama. Masakit ang kanyang anit na tila hinihila pa rin ng mga ito ang kanyang buhok, ramdam pa niya ang pagbaon ng mga daliri ng lalaki sa kanyang pisngi, ang pagdila sa kanyang mukha.

Isinubsob ni Charlotte ang mukha sa kanyang mga braso at nakarinig siya ng isang impit na iyak. Siya iyon, napagtanto niya. Pinilit niyang tumigil, pero hindi niya magawa.

Hinagod ng lalaki ang kanyang likod at namamaga ang mga matang itinaas niya ang tingin dito. Kahit na gusto niyang ubusin ang luha sa pag-iyak, rumehistro pa rin sa isip ng dalaga ang pagtama ng ilaw sa itim na itim na buhok ng estranghero, ang pagsalubong ng makakapal nitong kilay, ang pagkislap ng mga mata nitong tila nagniningas na uling.

Pinilit niyang ibinuka ang mga labi. “Sino...sino ka?”

Tumiim-bagang ito. “I’m Gabriel Ongpauco. Your father sent me.”

Daig pa niya ang sinabuyan ng asido. Napaurong siya, pero inabot nito ang kanyang braso.

“Listen, Charlotte, your father—”

“Wag mo ‘kong hawakan!” Halos madapa siya sa pagbangon sa kama.

“Where do you think you’re going?” Hinablot ni Gabriel ang kanyang mga braso at agad siyang pumiglas.

“Bitawan mo ko! Bitawan mo ko!”

“Stop it! Calm down! We’re here to help you!”

Muntik na niya itong duraan. Umikot ang paningin ni Charlotte sa paligid. Kailangan niyang makaalis dito. Hindi alam ng dalaga ang gagawin kapag nanatili siya rito. Nahagilap ng mga mata niya ang pinto at tinapon niya ang



katawan papunta doon. Pero mahigpit ang hawak ng lalaki.

“Charlotte, listen to me—”

Sinampal niya ito.

May lason na dumidila sa kanyang mga ugat at sinusunog niyon ang kanyang laman. Natunaw ang takot niya at ang tanging natira ay isang nagpupuyos na galit.

“Wala ‘kong pakialam kung sino ka! Bitawan mo ‘ko!”

Muli siyang tumakbo papunta sa pinto, pero ayaw siyang bitawan ng lalaki.

“For f*ck’s sake, Charlotte, listen—”

Pilit niya itong sinasampal muli, pero nahuli ng estranghero ang kanyang mga kamay.

“Kinalimutan na niya kami! Kinalimutan na rin—”

Inalog siya nito sa balikat. “Hindi ka niya kinalimutan!”

Gusto niya itong sampalin ulit, pero muli siyang inalog nito.

“Hindi ka niya kinalimutan. Hinanap ka niya!”

Nagsisigaw si Charlotte para kumawala rito. Kinalmot niya at hinampas ito, pero ayaw siyang bitawan ng lalaki.

Nakita niya sa isipan ang sarili noong bata siya, nakabaluktot sa papag, masakit ang tiyan sa gutom at nagdarasal na sana hindi totoo ang sinabi ng mama niya. Sana hindi totoong kinalimutan siya ng tatay niya. Sana hinahanap siya nito. Sana isang araw ay dumating ang ama. Babalik ito at magiging maayos din ang lahat. Hindi na magagalit lagi ang mama niya, hindi na ito magdadala ng iba-ibang lalaki sa bahay nila, hindi na siya nito laging sasaktan, lagi na silang may pambili ng gamot, ng pagkain, may pambayad na sila lagi sa bahay. Hindi na sila mag-iisa, lagi na silang magiging masaya. Pero hindi nangyari iyon. *Hindi nangyari iyon.* Kahit anong dasal niya, kahit anong



iyak niya, at kahit anong hiling niya. Naubos ang mga luha, naubos ang mga santo, naubos ang mga bituin, pero hindi pa rin dumating ang tatay niya.

“He never stopped searching for you.”

Bawat salita ng lalaki ay mga bubog sa dibdib ni Charlotte. Pumulupot ang mga braso nito sa kanyang nanginginig na mga balikat sa kabila ng kanyang pagpipiglas.

“He’s so worried about you. Hindi siya tumigil kahit kailan. Tinago ka ng nanay mo kaya hindi ka niya nakita. Mahal ka ng tatay mo, hindi ka niya iniwan.”

Hindi ka niya iniwan.

Nakakahiya at nakakasuka kung paano siya kumapit sa mga salitang iyon. Nakakahiya kung paanong hanggang ngayon, para pa rin siyang ang batang iyon—nakabaluktot at nagdarasal para sa walang kuwentang lalaking iyon.



“Unit ko ‘to. Nasa Makati tayo. Dinala ka namin sa ospital kanina. You didn’t suffer broken bones, just bruises and scratches. But you can take pain relievers to help with the pain and swelling.”

Sinubukan nitong langkapan ng lambot ang boses. Halatang nag-aalala sa kanya si Gabriel. Sino ba ang hindi? Halos dalawang oras siyang umiyak at ngayon lang nagawang tumahan.

Pinagmasdan ni Charlotte ang circular pattern sa comforter. Mukhang mamahalin iyon. Nakakahiya ang madudumi niyang paang nakapatong sa mamahaling telang iyon. Mahigpit niyang niyakap ang nakabaluktot na mga binti.

“Eugenio Montereal ang pangalan ng tatay mo. Tinago



ka ng nanay mo dahil nagpakasal sa iba ang iyong ama.”

May lumitaw na kristal na baso sa harapan niya.

Napatitig siya sa mahahabang daliring nakapulupot doon. Malaki ang kamay nito, gayundin ang mga daliri. Maugat din ang mga iyon, pero sigurado siyang hindi iyon dahil sa pagtatrabaho. Mula iyon sa workout sa gym, sigurado siya. Sigurado siyang mamahaling ballpen at keyboard ng laptop lang ang nakakasalamuha ng mga daliri nito sa opisina.

Itinaas niya ang tingin sa binatang may hawak ng baso. Ginintuang balat, maanggulong mukhang tila inukit ng isang iskultor—mukha itong Hollywood star.

“Drink, Charlotte. You cried for two hours, your throat must hurt.”

Lumunok siya para basain ang tuyong lalamunan. Tama ito, masakit ang lalamunan niya.

Pilit niyang tinanggap ang baso. “Salamat,” paos niyang sambit. Pilit din niyang ininom ang tubig.

“Your father knew about your mother’s pregnancy but he couldn’t do anything about it. He had to marry somebody else for political purposes.”

Ibinaba niya ang baso at tinitigan iyon. Mukhang mamahalin din ang baso. *Luminarc* siguro. Mamahalin iyon sabi ng mama ni Francine. O siguro iba ang tatak ng baso at mas mahal pa roon?

“Say something, Charlotte.”

Itinaas niya muli ang titig sa lalaking nagpakilalang ‘Gabriel’. Mukha talaga itong Hollywood star. Papatubo ang balbas nito, lalong pinapapatigas ang anggulo ng panga nito.

Mariin siyang pumikit at humugot ng malalalim na hininga. Hindi siya puwedeng umiyak ulit. Wala na siyang



luha. “Pagod na ‘ko... ayoko nang mag-isip... ayoko nang...”

“You have to understand, adult feelings and situations aren’t that simple. Mayaman ang tatay mo, galing sa isang matandang angkan ng mga pulitiko. Mahalaga ang pagpapakasal niya, hindi niya p’wedeng isantabi lang iyon nang gan’on-gan’on na lang.”

Walang buhay niyang pinadaan ang mga mata sa kabuuan ng binata. Nakatayo ito sa tabi ng kama, nakasuot ng isang itim na t-shirt at pantalon. Ilang beses na siyang nakakita ng mga lalaking suot din ang ganoong damit sa mga kanto. Pero hindi siya nito maloloko. Hindi kayang itago ng simpleng damit ang tunay na katauhan ng lalaki. Mayaman, aristokratiko, makapangyarihan—kahit ang hangin sa paligid nito ay tila iba sa hanging hinihinga niya.

Ibinalik ni Charlotte ang titig sa kama.

Mahalaga ang pagpapakasal niya, hindi niya p’wedeng isantabi lang iyon nang gan’on-gan’on na lang.

Tila may karayom na tumutusok sa kanyang mga mata at mabilis siyang kumurap.

Gan’on-gan’on na lang.

Maituturing na gan’on-gan’on lang ang pagkabuntis nito sa nanay niya. Masyadong mas maraming mahahalagang bagay kaysa sa gan’on-gan’on lang na pagkabuo sa kanya.

Narinig ni Charlotte na nagmura ang lalaki at naramdaman niyang lumuhod ito sa harapan niya. Hinawakan siya nito sa baba at pilit itinaas ang mukha niya sa mukha nito. Mainit ang kamay nito, matigas. Pero marahan ang hawak nito sa kanya. Kahit ang mga mata nito, tila kay init at kay tatag.

“I phrased that badly, I’m sorry. Alam ko, may mali



talagang ginawa ang tatay mo. Pero hindi ka niya balak pabayaan. He wanted to take care of you, he would have taken care of you. Pinahanap niya kayo n'ong umalis ang nanay mo sa Palawan. Hindi siya tumigil sa paghahanap hanggang sa makita ka niya sa news n'ong nakaraang buwan."

Mabilis siyang kumurap at pinahid ang mga pisngi. Basa na naman iyon. Balita n'ong nakaraang buwan? Ah, tama. Naalala niyang naging matindi ang traffic sa Marcos Highway noon dahil sa pagtalon doon ng nanay niya. Mahilig sa atensyon ang kanyang ina. Kahit sa pagpapatiwakal, iyong siguradong mababalita sa national TV ang napili nito.

"Siguro, natakot lang ang nanay mo na kunin ka ng tatay mo kaya ka niya tinago. You shouldn't blame your mom, perhaps she was just scared." Mahinahon ang boses nito, halatang nag-iingat at baka umiyak na naman siya.

Umiling siya sa sarili. Talagang pagod na si Charlotte. "Gusto ko nang umuwi."

"You know you can't."

Pinigil niyang sumigaw. Sinapo niya ang masakit na ulo at muling itinaas ang titig kay Gabriel "At sino'ng nagsabi niyan? Ikaw? Siya? Utang na loob, ayoko munang mag-isip ngayon."

Nanatili itong nakatiim-bagang. "It's not safe for you to stay here by yourself. We've settled the problems with the drug syndicate; we paid the equivalent money of the drugs your mother stole from them, but it would be safer to leave Manila. Your father wants you to come with us back to Palawan. You can finish your degree in Palawan. We'll help you transfer and get everything settled. Mas



makakabuti kung iiwan mo ang Maynila. Naroon ang tatay mo, ang pamilya mo.”

Umikot ang paningin niya. Palawan? Pamilya?

“A-ano?”

“It’s safer in Palawan, Charlotte. Doon nakabase ang papa mo. Naroon ang pamilya mo—”

Gusto niyang takpan ang mga tainga at sumigaw nang malakas. Pamilya, pamilya, pamilya! Wala siyang pamilya roon! Si Francine at ang nanay lang nito ang pamilya niya!

“Tumigil ka!” Mahigpit niyang hinawakan ang baso sa takot na baka maibato niya iyon rito. “Ano’ng pamilya? Hindi ko sila pamilya! Nas’an ang pamilyang ‘yan ngayon? Ba’t ikaw ang ‘andito? Nasaan ang tatay ko? Paano kayo nakasigurong ako ang anak niya? Kaano-ano ka niya? At ba’t ngayon lang kayo dumating? Tatlong linggo nang pinakita ang news na ‘yon, ba’t di kayo nagpakita agad?”

Hindi ininda ni Gabriel ang galit niya na tila ba isa siyang paslit.

Lalong nag-init ang mga mata niya at talagang muntikan na niyang ihagis dito ang baso.

“Nasa abroad ang tatay mo dahil sa sakit ng lolo mo. Babalik siya sa katapusan. He wanted to come home when we found you but his father is in a critical condition. I’m a family friend.” Tumayo ito sa pagkakaluhod at may kinuha sa malapit na cabinet. Isang folder iyon. “Hindi kami agad lumapit dahil kailangan muna naming makasiguro na anak ka niya. Kailangan naming i-trace ang pinanggalingan ng mama mo para makasigurong siya nga ang Mercedes Reyes na nabuntis ng iyong ama, kailangan din naming kumuha ng tao para makakuha ng DNA samples mo, kailangan din naming hintayin ‘yong resulta n’on. But if anything,



sigurado kaming anak ka niya dahil kamukhang-kamukha mo ang lola mo.”

Inabot nito sa kanya ang isang papel mula sa folder. Isang larawan iyon. Gusto iyong punitin ni Charlotte, pero pinigil niya ang sarili. Kinuyom niya ang mga palad at hindi iyon tinanggap.

Black and white ang larawan. Nakasuot ng isang patadyong ang babae at tila nasa isa itong party. Maaaring siya ang nasa larawan. Ang mukha, ang buhok, siyang siya iyon. Pero masaya ang babae, mainit at matamis ang ngiti.

Hindi niya nakikita ang sariling ngumingiti nang ganito.

“This is the DNA result.”

Ibinigay ng lalaki sa kanya ang isang papel. Muli, hindi niya iyon tinanggap at tinitigan din lang.

Maraming columns ang dokumento at hindi niya iyon maintindihan. Pero nang basahin niya ang mga linya sa itaas niyon, napagtanto niyang sinasabi roon na 99.9 ang percentage na anak siya ni Eugenio Montereal.

Sinapo niya ang noo. Tila binubutas iyon.

“Come back with us, Charlotte. You’re safer there.”

Malapit ang boses ng binata, at ramdam niya ang init ng katawan nito. “Mas magiging malaya ka ring gawin ang mga gusto mo. You’ll be able to finish your studies. Hindi mo na kailangang mag-part time job para matapos ang kurso mo. Makakapagsimula ka sa Palawan, malayo sa gulo rito, malayo sa mga bagay na nagpapasakit ‘yo. Leave this place. Start anew.”

God, salesman ba ito? Daig pa nito ang mga call center agents na tumatawag sa opisina ni Kapitan sa convincing powers nito.



Inilahad nito sa harap ni Charlotte ang isang business card.

Ongpauco Holdings, Inc. Gabriel Ongpauco. CEO

Mapait siyang ngumiti. CEO, hindi salesman.

Naroon din ang cell number at email address nito.

“Tumawag ka sa taong pinagkakatiwalaan mo at sabihin mo kung sino ang kasama mo. *Google* me. Wala akong gagawing masama sa ‘yo, trust me.”

Pinilit niya ang sariling titigan muli ito. His cheeks, his jaw, everything was chiseled to perfection. Kahit ang mga mata nito ay matitigas. Pero tila may liwanag sa likod niyon, at parang gusto niyang sundan iyon, maniwala roon, na para bang hindi na ulit siya lalamigin o iiyak kapag ginawa niya iyon.

Mariing pumikit si Charlotte. Hindi siya makapag-isip. Tila binibiyak ang ulo niya.

“Hindi kahinaan ang humingi o tumanggap ng tulong, Charlotte.”

Muling uminit ang kanyang mga mata.

“It’s okay to ask for help. You need help. Don’t deny it. I’m here to help you, let me help you.”

God, why did he have to sound so sincere?

Lumundo ang kama at hinawakan nito ang likod ng kanyang ulo at marahan siyang hinila papunta sa dibdib nito. Nilukob siya ng solidong init ng katawan ni Gabriel at wala siyang magawa kundi ang sumandal at matunaw doon. “Hindi ka na nag-iisa, hayaan mong tulungan ka namin. Everything’s going to be okay now. You don’t have to be alone again.”

Kahit anong pigil niya, muling naglandas ang kanyang mga luha.